Régie de l'assurance maladie Québec

Dépliant – L'assurance médicaments, c'est obligatoire !

Version en tagalog (Philippines)

Resetang Gamot Pansiguro (Insurance):

Ito ay ipinatutupad!

Para sa lahat (matanda man o bata) na naninirahan sa Québec at sinumang karapat-dapat sa Kalusugang Pansiguro (Health Insurance) ay dapat sa lahat ng oras ay mayroong Panigurong Proteksyon, kahit sila ay di gagamit ng resetang gamot.

Tanging ang mga taong nasa paghihintay bago sila maging karapat-dapat para sa Québec Health Insurance Plan ang di kinakailangang magkaroon nito.

Sa Quebec, dalawang uri ng plano ang nagbibigay ng pansigurong proteksyon para sa resetang gamot.

- Pampribadong mga plano (pang maramihang siguro o planong binispisyo ng empleyado)
- Ang pampublikong plan, iyon ay, ang pinangangasiwaan ng Régie de l'assurance maladie du Qubéc.

Kung ikaw ay karapat-dapat para sa isang pampribadong plano, mainam na kumuha nito. Kung hindi naman , dapat siguradohing makapag parehistro sa pampublikong plano sa pamamagitan ng pagtawag ng Régie.

Suriin ang iyong sitwasyon sa www.ramq.gouv.qc.ca upang maiwasan ang mga hindi kanais-nais na pagyayari o magkaroon ng anumang problema.

Kung ikaw ay hindi sakop ng alinmang proteksyon sa resetang gamot , na kung saan ito ay pinatutupad, ikaw ay kinakailangang magbayad sa Revenu Québec ng kaukulang halaga na katumbas ng pampublikong premium sa loob ng isang buwan, sa bawat buwan na ikaw ay walang proteksyon.

Maliban dito, kung ikaw ay nakarehistro sa pampublikong plano at lumipat sa pampribadong plano kaagarang ipaalam ito sa Regie, kung hindi lahat ng mga resetang gamot na binayarang ng Régie ay dapat ibalik, simula sa panahon na ikaw ay naging karapat-dapat sa pampribadong proteksyon at sa petsa ng iyong pagtawag. Ang Régie at Revenu Quebec ay palagian nagsusuri sa pagpapatupad nito.

Mga Pampribadong Plano

Mayroon dalawang pamamaraan para magkaroon ng **pampribadong plano**:

- Sa pamamagitan ng iyong trabaho o propesyon (tagapag-empleyo, unyon, o propesyonal na kawanian);

- Sa pamamagitan ng asawa o mga magulang.

Kung ikaw ay karapat-dapat sa pampribadong plano, mainam na kumuha ng proteksyong ito. Pati na rin para sa asawa at mga anak, maliban na lamang kung sila ay mayroong sariling proteksyong pansiguro. Kapag ikaw ang ay sumali sa pampribadong plano, kinakailangang ipahinto ang pampublikong plano sa pamamagitan ng pagtawag sa Régie.

Tungkol sa Asawa at mga Anak

Mag-asawa (magkaibang kasarian o magkatulad na kasarian ay tinatanggap na mag-asawa kung sila'y:

- Kasal o pumasok sa civil union
- Naninirahang magkasama sa loob ng 12 buwan (anumang paghihiwalay na di aabot sa 90 araw ay di makakaantala sa 12 buwan bilang).
- Magkasamang naninirahan (gaano man katagal) at sila'y nag-ampon ng anak.

Maituturing na isang anak kung sya ay:

- Di pa sapat sa gulang
- Nasa pagitan ng 18 – 25, nag-aaral, walang asawa at naninirahan sa magulang.

Ang magulang ng isang bata na umabot sa hustong gulang (18 taon) ay kinakailangan humingi sa kanilang Insurer o sa Régie ng ekstensyon sa proteksyon, kung siya ay naaangkop sa mga alintuntunin sa itaas.

Pampublikong Plano

Ang mga taong karapat-dapat sa pampublikong plano:

- taong di karapat-dapat sa pampribadong plano;
- mayrong hawak na papel (carnet de reclamation) na galing sa Ministère de l'emploi et de la Solodarite sociale;
- taong may gulang 65 pataas. Ang sinuman na umabot sa gulang 65 ay pwedeng magkaroon ng pampribadong preteksyon kung ninanais nilang ipagpatuloy **kahalintulad** ng pampublikong plano, subalit kinakailangang ihinto nila ang pampublikong plano sa pamamagitan ng pagtawag sa Régie.
- Mga anak ng mayroong pampublikong plano.

Paano makakakuha ng Proteksyon?

Magsadya sa Regie para magpatala sa pampublikong plano.

Ang sinumang may hawak ng papel (carnet de reclamation) at may gulang 65 pataas ay kaagarang nakalista.

Mga papeles na kinakailangang dalahin.

Kung nasa botika, kinakailangan ipakita ang tarheta ng Pansiguro (Health Insurance Card), nasa tamang petsa (valid) at claim slip, kung mayroon.

Pampublikong Plano para sa Resetang Gamot

Ano ang dapat bayaran sa botika?

Ang babayaran para sa resetang gamot ay ang tinatawag na *kontribusyon,* na binubuo ng buwanang pwedeng ibawas (deductibles) at co-insurance.

Ano ang deductible?

Ang deductible ay isang nakatakdang halaga na babayaran mo bawat buwan kapag bumili ng gamot.

Ano ang co-insurance?

Ang mga co-insurance ay isang porsyento na sumasaklaw sa ang halaga ng mga gamot, kung saan ang deductible ay binawas.

Maximum o sapat na taunang kontribusyon

Anuman ang plano ng inyong (mga pampribado o pampublikong), ay mayroong kaukulang halaga na dapat bayaran bawat taon para makuha o ng mga gamot na nakarehistro sa proteksyon. Ang mga nagbibigay proteksyon ay kinakailangan siguraduhin na ito ay di lalampas sa kaukulang halaga. Kapag nagbago ng plano loob ng taong iyon, kinakailang humingi ng listahan ng mga nagawang kontribusyon at ipadala ito sa bagong nagbibigay ng proteksyon, para kaukulang halaga na nabayaran na ay matanggal sa kanilang talaan o account.

Ang pampublikong plano - premium o kaukulang halaga

Sa anumang kaso ng pansiguro, kinakailangang magbayad ng premium o kaukulang halaga para makakuha ng proteksyon sa ilalim ng pampublikong plano bumili man o hindi ng resetang gamot. Revenue Québec an kumukuha o kumukulikta ng kaukulang halaga na nakatala sa income tax return. Ang halaga ay depende sa kinikita at kabuhayan.

Para malaman ang nararapat na kaukulang halaga(premium), sapat na kuntribusyon (maximum contribution), ibabawas at co-insurance, pumunta sa Regie's website.

PARA SA MGA KARAGDAGANG INPORMASYON:

Pumunta sa aming website sa:

www.ramq.gouv.qc.ca

Maaari ding makakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng pagtawag.

Sa Québec

418 646-4636

Sa Montréal

514 864-3411

Sa ibang bahagi ng Québec

1 800 561-9749

Sa pamamagitan ng ATS

(Telekumunikasyon para sa may problema sa pandinig)

418 682-3939 (Québec)

1 800 361-3939 (sa ibang lugar sa Québec)

Sa pamamagitan ng koreo

Régie de l'assurance maladie du Québec

Case postale 6600 Québec (Québec) G1K 7T3

Oras ng pagbubukas

Lunes, Martes, Huwebes at Biyernes: **8:30am – 4:30pm**

Miyerkules: 10:00am – 4:30pm

Ang mga tawag sa labas ng oras ng pagbubukas ng opisina ay kaagarang ikokonekta sa aming awtomatikong sistemang impormasyon.

Ang mga impormasyon sa pampletang ito ay para sa pampublikong kaalaman at walang batas na pinapatupad. At hindi naangkop sa iba't- ibang kaso.